IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

# Flipped Classroom bilang Estratehiya sa Pagpapataas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino: Batayan sa Manwal-Gabay ng Guro

**JOHN ADRIEL A. MADRONA**
National Teachers College
National University- Nazareth School

*Abstract* — Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa paggamit ng Flipped Classroom bilang isang makabagong estratehiya sa pagtuturo na naglalayong mapataas ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Nilalayon ng pag-aaral na makabuo ng manwal-gabay para sa mga guro na magsisilbing batayan sa epektibong paggamit ng nasabing estratehiya sa pagtuturo.
Gumamit ang mananaliksik ng kwantitatibo at kwalitatibong metodo upang masuri ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante sa wikang Filipino at ugnayan nito sa mga salik na nakaaapeto sa kanilang pagsasalita. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga piling estudyante sa senior high school at mga guro sa Filipino, at ginamit ang mga talatanungan at panayam bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos.
Batay sa resulta ng pag-aaral, napatunayan na ang Flipped Classroom ay nakatutulong sa pagpapaaktibo ng partisipasyon ng mga estudyante sa klase, nagpapalawak ng kanilang kaalaman, nagpapataas ng kumpiyansa sa paggamit ng wikang Filipino, at nakatutulong upang mas malinang pa ang kakayahan ng mga estudyante na may iba't ibang istilo ng pagkatuto. Natuklasan din na mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag ang estudyante ay handa bago ang klase at nagkakaroon ng sapat na pagkakataon upang gamitin ang wika sa iba't ibang sitwasyon sa loob ng silid-aralan.
Bilang tugon sa mga natuklasang resulta, binuo ng mananaliksik ang isang manwal-gabay na naglalaman ng mga mungkahing pamamaraan, aralin, at gawain na maaaring gamitin ng mga guro sa pagpapatupad ng Flipped Classroom sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Layunin nitong maging gabay sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga estudyante sa komunikasyon, pakikipagtalastasan, at paggamit ng wika sa mas mataas na antas ng pagkatuto.
Sa kabuoan, ipinapakita ng pananaliksik na ang Flipped Classroom ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino at may malaking ambag sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante.

***Keywords — Flipped Classroom, Asignaturang Filipino, Pagsasalita, Estratehiya, Pagtuturo, Guro, Wikang Filipino***

## I. Introduction

Ang pambansang wika ng Pilipinas ay Filipino batay sa Artikulo XIV., Seksyon 6 ng Konstitusyon 1987 ngunit wala pang limang dekada ang lumilipas mula nang ito ay naipatupad ay tinanggal na sa kurikulum ng kolehiyo ang asignaturang may kaugnayan dito. Noong 2013, inilabas ng Commission on Higher Education ang CHEd Memorandum blg. 20 na nagsasaad na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

hindi na magiging bahagi ng kurikulum ng kolehiyo ang asignaturang Filipino dahil kasama na ito sa programa ng K-12. Ang kaganapang ito ay maituturing na malaking banta at panganib sa kalagayan ng asignaturang Filipino at maaaring maging mitsa ng pagbawas din sa mataas na paaralan o kung mas malala pa ay ang unti-unting paglalaho nito

Ayon sa Division Memorandum No. 329, S. 2024, mababa ang literasi at interes ng mga estudyante sa Filipino kaya inilunsad ang Project FILAR. Dagdag pa rito, natukoy rin na ang karaniwang istilo ng pagkatuto sa asignaturang Filipino ay "mataas" ngunit ang performans ng mga estudyante ay "katamtaman”. Sa kabila ng pagturing sa Filipino bilang “madali” o “simple” ay marami pa ring Pilipino ang hindi alam ang wastong paggamit ng wika, nalilito sa paggamit ng balarilang Filipino, at mababa pa rin ang antas ng kasanayan sa pagsasalita. Sa katunayan, ang panahon ng pandemya ay nagdulot ng limitadong interaskyon na nakaaapekto sa kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante (Garcia at Caoile, 2021). Isang pananaliksik mula sa West Visayas State University (2021) ang nagpapakita na maraming estudyante sa SHS ang nahihirapahan sa pagsasalita sa Filipino at ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahang ito ay kinabibilangan ng kurikulum, midya, *exposure*, at teorya ng *communicative competence*. Upang mas malinang ang kakayahan sa pagsasalita ay kinakailangang gamitin ito nang gamitin sa loob ng klasrum nang may gabay ng guro dahil kung malilimitahan lamang sa mga teorya ay maaaring makaapekto sa pagsasanay at praktikal na aplikasyon.

Ang pagpapataas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng Filipino ay isang malaking hakbang upang mapalalim ang pag-unawa sa identidad at intelektuwalisasyon ng Filipino. Malaki ang gampanin ng mga guro at ng kaniyang estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ito. Kaya naman malaking hamon para sa kaguruan ang humanap ng angkop at mabisang estratehiya upang maisakatuparan ito. Sa kasalukuyan, ang flipped classroom ay kilalang estratehiya sa larangan ng pagtuturo (Kilavuz, 2024). Isa itong modelo kung saan ang tradisyunal na pagtuturo ay binaliktad. Sa halip na sa loob ng klasrum matutuhan ang paksa, ang pag-aaral ng nilalaman ay isinasagawa sa labas ng klase gamit ang detalyadong gabay mula sa guro. Samantala, ang mga praktikal na aktibidad at aplikasyon ng kaalaman ay ginagawa naman sa loob ng klase (Daughrity, 2022). Sa ganitong pagkakataon, kung ilalapat ang modelong ito sa mga asignaturang Filipino ay mas mabibigyan ng mas mahabang oportunidad ang mga estudyante upang mapataas ang kasanayan nila sa pagsasalita. Kung bago pa lamang pumasok ng klasrum ay nabigyan na sila ng pagkakataon na matutuhan ang mga aralin sa pamamagitan ng detalyadong gabay at iba’t ibang estratehiya ng guro, mas mapapataas pa ang kanilang kasanayan sa loob mismo ng klase. Mas magkakaroon sila ng sapat na panahon para makihalubilo at magbahagi ng kanilang natutuhan batay sa sarili nilang estratehiya ng pagkatuto. Mas malilinang ang kasanayan nila sa pagsasalita sapagkat mas mabibigyan sila ng oportunidad na gamitin nang gamitin ang wika Filipino sa halip na makinig na lang ng mas mahabang oras sa ituturo ng guro. Sa teorya ni Lev Vygotsky na *social interactionist*, binigyang-diin niya na ang wika ay natututuhan sa pamamagitan ng interaksyon sa iba. Kaya naman mas mapapataas ng mga guro ang kasanayan ng mga estudyante sa asignaturang Filipino kung ilalapat ang modelo ng Flipped Classroom. Kaugnay nito, iba’t ibang estratehiya at

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

estratehiya ng pagtuturo ang umiiral sa bawat guro ng asignaturang Filipino gamit ang flipped classroom upang maisakatuparan ito. Kaya naman layunin ng pag-aaral na ito na siyasatin ang mga karanasan at estratehiya ng guro sa pagpapataas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng Filipino gamit ang flipped classroom upang magkaroon ng tiyak na estruktura at gabay ang mga guro sa magnanais gamitin ito.

## Literature Review

### Kasanayan sa Wikang Filipino

Marami pa rin ang nagkakaroon ng suliranin sa paggamit ng purong Filipino lalo na sa pang-angkop ng mga teknikal at panghihiram ng mga salita sa Ingles. Bagaman umuunlad na ang wikang Filipino dahil marami na ang mga akdang nasusulat dito, mas nagingibabaw pa rin ang Ingles sa paggamit ng Taglish at ang suliranin sa istandardisasyon nito ay nananatili pa rin (Aroco, 2021). Isa sa mga dagok na kinakaharap ng mga estudyante sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino sa usapin ng akademiko ay ang pagkahiya na magtanong kung hindi nauunawaan ang paksang pinag-aaralan. Ito ay maaaring magdulot sa kanila ng hindi pakikisali sa talakayan, habang sa lipunan ay nahihirapan silangmagsimula ng mga pag-uusap. Ayon sa resulta ng pag-aaral nina Dicang at Molina (2023), upang magawan ng paraan na malutas ang mga hamon na kinakaharap ng mga estudyante ay sinasanay nila ang kanilang mga sarili na magsalita sa Filipino.

Ang pagkabalisa ang isa sa mga dahilan ng hindi maayos na pagsasalita ng mga estudyante. Kapag hindi handa sa isang talakayan ay hindi naipahahayag nang maayos ang nais sabihin. Kaya naman kailangan ng malawak na kamalayan at pag-unawa ng guro sa bawat nararamdamang pagkabalisa sa pagsasalita ng kaniyang estudyante. Sa pamamagitan nito ay magagabayan sila nang mabuti upang maipagpatuloy ang daloy ng komunikasyon sa kabila ng pagkabalisa. Gayunpaman, maaari itong mabawasan kung may sapat na paghahanda ang mga estudyante (Arquiza, 2024).

Ang tiwala sa sarili ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahan ng isang estudyante sa pagsasalita. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga taong may mataas na kumpiyansa sa sarili ay mas handang lumahok sa mga gawaing pangkomunikasyon, mas bukas sa pagkuha ng mga panganib sa paggamit ng wika, at mas matiyaga sa pagharap sa mga hamon—na humahantong sa mas mahusay na kahusayan sa pagsasalita (Ghafar, 2023). Ayon din sa pag-aaral ni Alqahtani (2023), ang mga indibidwal na may mataas na tiwala sa sarili ay may mas mahusay na pagbigkas, bokabularyo, at kasanayan sa gramatika, na mahalaga para sa epektibong komunikasyon. Bukod dito, pinapalakas ng tiwala sa sarili ang motibasyon, tiyaga, at kahandaang harapin ang mga hamon sa pag-aaral ng wika. Natuklasan din ng pag-aaral na ito ang ugnayan sa pagitan ng tiwala sa sarili at kasanayan sa pagsasalita ay kumplikado, na naiimpluwensyahan ng mga katangian ng indibidwal, kulturang pinagmulan, at karanasan sa pagkatuto ng wika. Inirerekomenda nito ang pagpapatupad ng epektibong mga hakbang upang mapalakas ang tiwala sa sarili ng mga estudyante para sa mas mainam na resulta sa pag-aaral ng wika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa kabuoan, ang tiwala sa sarili ay isang mahalagang salik sa pagkatuto ng wika na may direktang epekto sa kahusayan, aktibong pakikilahok, at pangkalahatang kakayahan sa pagsasalita. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga suportadong estratehiya, sistematikong pagsasanay, at makabagong teknolohiya, maaaring matulungan ng mga guro ang mga estudyante na magkaroon ng kumpiyansa na kinakailangan upang magtagumpay sa pagkatuto at mahusay na paggamit ng wika. Kung mabibigyan ng sapat na paghahanda ang mga estudyante sa tulong ng mga makabagong teknolohiya gamit ang flipped classroom, mapatataas nito ang tiwala ng mga estudyante sa kanilang sarili at mapatataas nito ang kahusayan ng mga estudyante sa pagsasalita.

**Flipped Classroom**

Ang flipped classroom ay isang modelo kung saan ang pagkatuto ay nagaganap sa bahay sa pamamagitan ng indibidwal na pag-aaral gamit ang mga materyales tulad ng *pre-recorded videos* o *readings*. Samantala, ang oras ng klase naman ay ginagamit para sa mga aktibong gawain tulad ng mas malalim na pag-unawa at pakikipag-ugnayan sa mga kamagaral (Zhang et al., 2020). Isa itong estratehiya kung saan ang tradisyunal na pagtuturo ay binaligtad. Sa halip na sa oras ng klase magtatalakay ang guro at sa bahay gagawin ang mga gawain, bago pumasok sa klase ay inaasahang may pauna na silang nalalaman batay sa mga materyales na binigay ng guro o sa anumang paraan na nais nilang matuto. Ang mga kaalamang ito ay lilinangin na lamang sa loob ng klase sa pamamagitan ng mga aktibong gawain.

Ayon sa isang pag-aaral na "Effectiveness of the Flipped Classroom Model in University Education: A Synthesis of the Best Evidence", napatataas ng flipped classroom ang motibasyon at pakikiisa ng mga estudyante sa loob at labas ng klasrum. Napauunlad din nito ang komprehensyon at retensyon at napabababa ang bilang ng mga bumabagsak sa klase. Dagdag pa rito, nakapagdudulot din ito ng pagkakaroon ng aktibong pagkatuto. Nabanggit din sa pananaliksik na ito na mabilis matukoy sa estratehiya na ito kung sino ang mahuhusay sapagkat sasalamin sa pagganap ng mga estudyante kung sino ang nakapaghanda at hindi nakapaghanda. Sa kabilang banda, mabilis din matutukoy kung sino at ano ang kailangan na interbensyon upang walang maiwan sa pagkatuto (Alvarez et al., 2021).

Kung ihahambing ang flipped classroom sa Communicative Language Teaching (CLT), pareho nitong layunin na mapabuti ang partisipasyon ng mga estudyante at aktibong pagkatuto ngunit magkaiba ng pangunahing pokus at estratehiya ng pagpapatupad. Binibigyang-diin ng CLT na ang pagkatuto ng wika ay nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon. Ibig sabihin, mas natuto ang mga estudyante sa pamamagitan ng mga gawaing tulad ng talakayan, *role-playing*, at pangkatang gawain. Ngunit kung susuriin, hindi nito nasasakop ang iba't ibang uri ng mga estudyante tulad na lamang ng mga estudyante na mabagal ang pagkatuto. Ayon sa pag-aaral ni Li (2022), malaki ang adbentahe ng CLT sa kasanayan ng pagsasalita ng mga estudyante ngunit binigyang-pansin niya ang isyu kaugnay ng implementasyon nito sa mga estudyante na may iba't ibang kultura at kapaligiran. Nangangahulugang ito ay mabisa lamang para sa mga estudyante na mabilis ang pagkatuto at may maayos na kapaligiran. Ayon din sa pag-aaral ni Zhang (2023),

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

malaki ang pakinabang nito sa pagkatuto ng wika ng mga estudyante ngunit malaking hamon para sa isang klase na may iba't ibang paraan ng pagkatuto. Samakatuwid, ang CLT ay isang epektibong estratehiya upang mapataas ang kasanayan ng mga estudyante ngunit malaki ang hamon ay may kakulangan sa pagpapatulad sa isang klase na kinabibilangan ng mga *fast learner* at *slow learner*. Ibig sabihin, ang mga *fast learner* lamang ang karaniwang nagbebenepisyo sa ganitong lapit at hindi napag-iiwanan ang mga *slow learners*. Kung ihahambing ang estratehiyang ito sa flipped classroom, mas nabibiyang-pansin ng flipped classroom ang kahingian ng mga estudyante sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita sapagkat mas nabibigyan ng pagkakataon ang mga *slow learners* na makipagsabayan sa aktuwal na klase sa pamamagitan ng paghahanda sa kanila sa flipped classroom sa tulong ng iba't ibang pedagohikal na estratehiya ng guro at batay sa sarili nilang paraan ng pagkatuto sa tulong ng iba't ibang teknolohiya.

Sa usapin naman ng *socioeconomic status*, maaaring makaapekto ang flipped classroom sa kabuoang pagganap ng mga estudyante. Ayon sa pananaliksik ni Bradley (2022), ang mga estudyante na may mababang antas ng pamumuhay ang karaniwang naaapektuhan ng pagpapatupad ng mga makabagong lapit tulad ng flipped classroom dahil sa limitadong kagamitan na nagdudulot ng pagkabalisa at hindi pagsabay sa pagkatuto ng mga estudyante na may mataas na antas ng pamumuhay. Samakatuwid, nangangailangan pa ng mga pag-aaral para sa mabisang implementasyon ng flipped classroom upang mapataas ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita. Kinakailangan ng pag-aaral upang magkaroon ng tiyak na epektibong estruktura mula sa karanasan ng mga gurong gumagamit nito.

Malinaw na nangangailangan ng paglilinang sa kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Matutugunan lamang ito kung sasanayin silang gamitin nang gamitin sa loob ng klasrum nang may gabay na guro. Ang flipped classroom ay isa sa mga mabisang estratehiya upang mabawasan o matuldukan ang mga hamon na kinakaharap ng mga estudyante sa pakikipagtalastasan. Kung bago pa pumasok sa klase ang mga estudyante ay natutuhan na nila ang paksa sa pamamagitan ng mga *digital resources* at kung sa paanong paraan nila gustong matuto, mas mabibigyan sila ng oportunidad at sapat na oras na gamitin nang gamitin ang wikang Filipino bilang aplikasyon sa praktikal na aspeto. Sa ganitong pagkakataon ay mas mapatataas din hindi lang kasanayan nila sa pagsasalita ng wikang Filipino pati na rin ang tiwala nila sa kanilang sarili. Bagamat maraming positibong epekto ang paggamit ng flipped classroom bilang pagpapataas ng interes, karamihan ng mga pag-aaral ay nakaangkla sa mataas ng edukasyon. Kaya nangangailangan din ng pagsasagawa ng pag-aaral kung ito ba ay epektibo rin sa mataas na paaralan partikular sa asignaturang Filipino upang mapataas ang kasanayan nila sa pagsasalita. Bukod pa rito, wala ring sapat na pag-aaral kung paano ito nagagamit bilang estratehiya at estruktura upang mapataas ang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino. Kaya naman layon ng pag-aaral na ito na siyasatin ang karanasan ng mga gurong gumagamit ng flipped classroom upang matukoy kung paano ito epektibong nagagamit sa pagpapataas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Nang sa gayon ay makabuo ng gabay na manwal para sa mga gurong may katulad na layunin.he

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

## II. Methodology

Gumamit ang mananaliksik ng *explanatory sequencial* na disensyo. Sa pag-aaral na ito, ang unang katanungan ay kwantitatibo. Dito, tutukuyin kung ano ang antas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino sa pamamagitan ng rubrik na ibinatay sa Public Speaking Competency Rubric (PSCR) nina Screiber et al., na pinalawak at dinagdagan nina Blevins et al., sa kanilang pananaliksik. Ang mga estudyante ay mula sa isang *section* na tinuturuan ng bawat guro sa Filipino sa napiling paaralan. Susundan naman ito ng isa pang katanungan na kwantitatibo na tutukoy sa mga salik na nakaaapekto sa pag-antas ng kanilang pagsasalita sa wikang Filipino sa pamamagitan ng sarbey. Matapos ito, sa pamamagitan din ng kwantitatibo ay tutukuyin ang ugnayan ng antas at mga salik. Kapag tukoy na ang ugnayan, ang mananaliksik ay magsasagawa ng *focus group discussion* sa lahat ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino upang malaman kung paano natutugunan ng flipped classroom ang kasanayan ng mga estudyante at mga salik sa pagsasalita ng wikang Filipino. Mula sa mga guro, magbibigay sila ng mga estudyante na nagboluntaryo para maging kalahok sa isa pang focus group discussion upang malaman naman ang kanilang danas at kung ano ang tulong ng flipped classroom sa antas ng kanilang pagsasalita sa wikang Filipino. Batay sa mga resulta ng isinagawang pagkalap ng datos, ang mananaliksik ay bubuo ng mungkahing gabay-manwal ng mga guro sa paggamit ng flipped classroom upang mapataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita.

Ang mga kasangkapan na ginamit ng mananaliksik sa pagkalap ng datos ay dumaan sa *pilot testing*, *reliability test*, at balidasyon ng mga eksperto. Dumaan din ito sa pag-apruba ng *ethics committee* bago magpadala ng liham sa principal, mga guro, at mga mag-aaral. Ang lahat ng mga tagatugon ay boluntaryong nakilahok at pumirma sa *consent form* ganoon din ang mga magulang kung ang mag-aaral ay wala pa sa edad 18. Sinisiguro ng mananaliksik na mananatiling kompidensyal ang identidad ng mga kalahok upang maproteksyunan ang mga impormasyon. Wala ring anomang kontrol ang mananaliksik sa magiging sagot ng mga kalahok at magiging obhetibo lamang sa pagtatala ng mga datos. Ang mga makakalap na datos ay susuriin sa pamamagitan ng *weighted mean*, *standard deviation*, *frequency*, *corelational analysis*, at *thematic analysis*. Narito ang iskala at ang katumbas na berbal na interpretasyon:

Iskala at Ang Katumbas na Berbal na Deskripsiyon

| ***Weighted Mean Range*** | ***Scale*** | ***Verbal Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| 4.21-5.00 | 5 | Lubos na kapansin-pansin |
| 3.41-4.20 | 4 | Kapansin-pansin |
| 2.61-3.40 | 3 | Hindi tiyak (Neutral) |
| 1.81-2.60 | 2 | Hindi gaanong kapansin-pansin |
| 1.00-1.80 | 1 | Hindi kapansin-pansin |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## III. Results and Discussion

### Antas ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Estudyante

| I. | Pamantayan | *Mean* | *Standard Deviation* | *Verbal Description* |
|---|---|---|---|---|
| II. | Kahandaan | 4.39 | .806 | Lubos na Kapansin-pansin |
| III. | Gramatika at Paraan ng Pagbigkas | 3.83 | .903 | Kapansin-pansin |
| IV. | Ekspresyon ng Mukha at Galaw ng Katawan | 3.76 | .822 | Kapansin-pansin |
| V. | Nilalaman | 4.41 | .600 | Lubos na Kapansin-pansin |
| **Average Weighted Mean** | | **4.10** | | |

Batay sa datos, ang mga mga estudyante ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil sa paggamit ng flipped classroom. Ayon sa mean value, ang pamantayang nilalaman ang pinakamataas na may bilang na 4.41 na may *verbal description* na lubos na kapansin-pansin. Samanatalang ang pamantayang ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan naman ang pinakamababa na may bilang na 3.76 at may *verbal description* na kapansin-pansin. Makikita na sa pamamagitan ng flipped classroom ay mas nagiging makabuluhan ang nilalaman ng kanilang sinasabi sa aktuwal na klase. Bagamat kapansin-pansin din na tugma ang kanilang sinasabi sa ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan ay maaari pa itong mapaunlad. Ang resulta ay sumusuporta sa pag-aaral ni Dicang at Molina (2023) na malulutas lamang ang mga hamon na kinakaharap ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino kung sasanayin silang magsalita nang magsalita sa aktuwal na klase. Sa pamamagitan ng flipped classroom, mas nabibigyan ang mga mag-aaral ng mas mahabang oportunidad na makapagsalita dahil may pauna na silang kaalaman sa paksa at pagpapalalim na lamang ang kailangang gawin. Sa pamamagitan nito, hindi na sila mahihiya na magkamali sa talakayan at mababawasan ang kanilang pagkabalisa. Kung iuugnay sa resulta, kung matatanggal ang hiya at pagkabalisa ng mgg estudyante, mas magiging makabuluhan ang nilalaman ng kanilang sinasabi at magiging angkop ang ekspresyon at galaw ng kanilang katawan. Dagdag pa rito, kung sa flipped classroom pa lamang ay nabibigyan sila ng kalayaan na pag-aralan ang paksa sa kung paanong istilo nila ito naiintindihan, tataas ang kanilang tiwala sa sarili at mas magkakaroon sila ng motibasyon na mas makilahok pa sa talakayan. Hindi ito nalalayo sa pag-aaral ni Ghafar (2023) na kapag may sapat na paghahanda ang estudyante ay magpapatuloy ang daloy ng komunikasyon dahil mababawasan ang kaniyang pagkabalisa. Ibig sabihin, pinatutunayan ng mga datos na napatataas ng flipped classroom ang tiwala sa sarili dahilan upang magkaroon siya ng lakas na loob na gamitin ang wika nang aktibo at sa mas mataas na antas ng pagsasalita lalo na sa aspeto ng nilalaman.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Mga Salik na Nakaaapekto sa Pag-antas ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Estudyante**

| Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagsasalita ng Wikang Filipino | *Frequency* | *Percentage* | *Rank* |
|---|---|---|---|
| Kakulangan ng kasanayan | 45 | 20.83 | 3 |
| Takot na magkamali | 55 | 25.46 | 1 |
| Pagkasanay sa ibang wika | 46 | 21.30 | 2 |
| Impluwensya ng midya at teknolohiya | 39 | 18.06 | 4 |
| Paraan ng pagtuturo ng guro | 11 | 5.09 | 6 |
| Wala akong problema sa pagsasalita ng wikang Filipino | 20 | 9.26 | 5 |
| **Total** | **216** | **100.00** | |

Batay sa talahanayan, ang mga salik na nakaaapekto sa pagsasalita ng wikang Filipino na pinagpilian ng mga estudyante ay kakulangan ng kasanayan, takot na magkamali, pagkasanay sa ibang wika, impluwensiya ng midya at teknolohiya, at paraan ng pagtuturo ng guro. Ayon sa *frequency*, ang pinakamaraming beses na napili ng mga mag-aaral na salik ay ang takot na magkamali na may bilang na 55 at bahagdan na 25.46. Samantalang ang pinakamababang salik naman ay may bilang na 11 na may bahagdan na 5.09. Mapapansing ang pinakamataas na indikador ay ang pagiging takot ng mga mag aaral na magkamali. Nangangahulugan lamang na kapag ang estudyante ay may pangamba sa aktuwal na klase ay hindi niya aktibong magagamit ang wika. Bababa rin ang kumpiyansa niya sa kaniyang sarili dahilan para bumaba ang *speaking opportunities*. Kung iuugnay ang resulta sa pag-aaral ni Zainuddin at Perera (2023), malaki ang gampanin ng flipped classroom upang maitaguyod ang mas mataas na *self-competence*, *autonomy*, at *relatedness* ng mga estudyante. Kapag naihanda na sila bago pa lamang ang klase ay madali silang makakaugnay sa mga paksa at tataas ang kumpiyansa nila sa sarili dahilan para magamit nila ang wikang Filipino sa mas mataas na antas. Ang resulta ay maihahalintulad din sa pananaliksik mula sa West Visayas State University (2021) kung saan ang mga estudyante sa SHS ay nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil sa kurikulum, midya, at *exposure*. Kung iuugnay ito sa mga datos sa itaas, hindi nagkakatulad ang resulta pagdating sa kurikulum dahil mataas ang salik sa nabanggit na paaralan ngunit mababa naman batay sa datos. Nangangahulugan lamang na nauunawaan ng mga estudyante na naging tagatugon ng mananaliksik ang saysay ng kurikulum ng asignaturang Filipino sa kanilang paaralan dahil kakaunti lamang ang pumili ng salik sa paraan ng pagtuturo ng guro. Nagkakalapit naman ang dalawang pag-aaral pagdating sa salik na impluwensiya ng midya at teknolohiya. Ibig sabihin, Malaki ang epekto ng midya at teknolohiya sa pag-antas ng kasanayan nila sa pagsasalita. Kapag mataas ang impluwensiya nito, bababa naman ang oportunidad nila na magamit nang mahusay ang wikang Filipino. Samantala, malaki naman ang ugnayan sa aspeto ng *exposure* kung saan ipinakikita sa talahanayan na malaki ang epekto ng kakulangan ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita na nagiging dahilan kung bakit nahihiya silang magsalita at natatakot na magkamali sa aktuwal na klase.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Ugnayan ng Antas ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Estudyante at mga Salik na Nakaaapekto rito**

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagsasalita ng mga estudyante at mga salik na nakaaapekto rito. Kapag ± 0.00 – 0.19 ang resulta, ang ugnayan ng antas at salik ay maituturing na "very weak" o "negligible. Kapag ± 0.00 – 0.19, maituturing na "weak" ang ugnayan. Kapag ± 0.40 – 0.59, maituturing na "moderate" ang ugnayan. Kapag ± 0.60 – 0.79, maituturing na "strong" ang ugnayan. At kapag naman ± 0.80 – 1.00, maituturing na "very strong" ang ugnayan. Bilang karagdagan, kapag positibo (+) ang resulta ng ugnayan, ang dalawang baryabol ay tumataas. Kapag naman negatibo (-), ang isang baryabol ay tumataas at ang isa naman ay bumababa. At kapag *zero* ay wala namang makikitang ugnayan.

Ugnayan ng Antas ng Pagsasalita ng mga Estudyante sa Wikang Filipino at mga Salik

| Antas ng Pagsasalita ng Wikang Filipino | Salik na Nakaaapekto sa Pag-antas ng Pagsasalita sa Wikang Filipino | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Kakulangan ng kasanayan | Takot na magkamali | Pagkasanay sa ibang wika | Impluwensiya ng midya at teknolohiya | Paraan ng pagtuturo ng guro | Wala akong problema sa pagsasalita ng wikang Filipino |
| Kahandaan | .140 | .095 | -.008 | -.171 | -.085 | -.033 |
| Gramatika at Paraan ng Pagbigkas | -.015 | .105 | .107 | -.224* | -.057 | -.055 |
| Ekspresyon ng Mukha at Galaw ng Katawan | -.093 | .051 | 0.003 | -.194* | .047 | -.028 |
| Nilalaman | .237* | .046 | -.118 | -.070 | .015 | .064 |

Ipinapakita ng estadistika na kapag mababa ang impluwensya ng midya at teknolohiya sa mga estudyante, tumataas ang antas ng kanilang pagsasalita ayon sa gramatika at paraan ng pagbigkas ganoon din ang ekspresyon ng kanilang mukha at galaw ng katawan. Kapag kulang naman sa kasanayan ang mga estudyante sa pagsasalita, bumababa rin ang antas ng kanilang pagsasalita ayon sa nilalaman. Samantala, walang ugnayan ang antas ng pagsasalita ng mga estudyante sa pagsasalita ayon sa kahandaan sa mga salik. Sa kabuoan, nangangahulugan lamang na ang antas ng pagsasalita ng mga mag aaaral sa wikang Filipino ayon sa gramatika at paraan ng pagbigkas ay may mababang ugnayan sa impluwensya ng midya at teknolohiya. Ang antas naman ng pagsasalita ng wikang Filipino ayon sa ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan ay wala o may napakakaunting kaugnayan sa impluwensiya ng midya at teknolohiya. Samantala, ang antas ng pagsasalita ng mga estudyante ayon sa nilalaman ay may mababa ring ugnayan sa kakulangan ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ibig sabihin, maaaring wala o mababa na ang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pagsasalita ng mga estudyante ng wikang Filipino sapagkat natutugunan na ng flipped classroom ang pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ang ugnayan ng "gramatika at paraan ng pagbigkas" at "ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan" sa salik na "impluwensya ng ng midya at teknolohiya" ay malaki ang kinalaman sa pananaliksik nina Erezo at Sagala (2021) kung saan binigyang-diin sa kanilang pag-aaral na ang pagkababad sa sosyal midya ay nakakukurot ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

panahon para magsanay nang magsanay ang mga estudyane sa paggamit ng wika. Ibig sabihin, para mas tumaas ang kasanayan ng mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino ay kailangang bawasan nila ang *exposure* sa midya at teknolohiya.

**Flipped Classroom Bilang Tugon sa Pagpapataas ng Kasanayan ng mga Estudyante sa Pagsasalita ng Wikang Filipino**

Batay sa isinagawang *focus group discussion*, malaki ang gampanin ng flipped classroom upang matugunan ang pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Batay sa resulta ng panayam, kapansin-pansin na sa pamamagitan ng flipped classroom ay nagiging handa ang mga estudyante sa talakayan sa loob ng klase. Nabanggit ito ng lahat ng anim na guro sa isinagawang panayam. Ayon sa kanila, kapag handa ang mga estudyante bago ang aktuwal na klase ay hindi sila natatakot na magsalita at makilahok sa talakayan. Limang beses din nabanggit mula sa anim na guro na nakatutulong ang flipped classroom para maging mahusay ang kanilang mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino sa talakayan ngunit hindi rin maiiwasan ang mga suliraning kinaharap nila. Ayon sa mga guro, nawawala ang *element of surprise*, mas may tyansa magkopyahan, at hindi nagiging responsible sa mga gawaing nakaatas sa kanila. Sa kabila ng mga nabanggit na suliranin, nabanggit din ng tatlong guro na kung gagabayan sila nang maigi ay tataas ang *sense of responsibility* ng mga estudyante. Dagdag pa rito, tatlong guro din ang nagsabi na sa pamamagitan ng flipped classroom ay lumalawak ang bokabularyo ng mga estudyante na nagiging dahilan ng pagtaas ng kumpyansa nila sa kanilang para magsalita sila nang magsalita sa aktuwal na klase. Nbanggit din ng apat na guro na matutugunan lamang nang lubos ng flipped classroom ang kasanayan sa pagsasalita ng mga estudyante kung magkakaroon ng *variety* sa mga gawain at pagiging mahusay sa *art of questioning*. Dalawang guro naman ang nagbanggit na matutugunan ito kung magiging masipag at consistent ang guro sa paggamit ng flipped classroom at magiging mahusay sa pagbabadyet ng oras. Kung iuugnay sa *sociocultural learning theory* ni Vygotsky, ang pagtaas ng antas ng pagsasalita ay nagpapakita na ang flipped classroom ay nagiging *pre-class scaffold* na nagpapalawak ng *zone of proximal development* ng mga estudyante. Nangangahulugang sa pamamagitan ng flipped classroom, malayang nakapag-aaral ang mga mag-aaral ng paksa sa istilong komportable sila at ring maaaring humingi ng tulong sa iba't ibang teknolohiya, artipisyal na katalinuhan, o mga kaklase. Kapag naunawaan na nila ito, mas madali silang makalalahok sa aktuwal na klase lalo na kung may mga kolaboratibong gawain. At kung sila ay nakalalahok sa mga kolaboratibong gawain, malaya nilang nagagamit nang nagagamit ang wikang Filipino dahilan upang masanay pa at mapataas nila ang ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsasalita. Sa pamamagitan din ng tamang paggabay ng guro sa kung paano mas malilinang ang kanilang pagsasalita, mas mahusay na rin nila itong magagamit sa labas ng klase. Ang resulta ng panayam ay sumasang-ayon sa pananaliksik nina Nafisah at Dayu (2020) kung saan tinalakay nila ang bisa ng flipped classroom sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga estudyante sa unibersidad. Sa simula ay hindi pa makikita ang agarang epekto ngunit kung patuloy na gagamitin ang flipped classroom ay mapapabuti ang kanilang akademikong pagganap. Tulad ng nabanggit ng dalawang guro sa *focus group discussion*, kailangang maging *consistent* at

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

maging masipag ng guro para maging epektibo ang paggamit ng flipped classroom. At kung tatas ang kanilang mga marka sa Filipino ay magkakaroon sila ng tiwala sa sarili na magiging dahilan ng aktibong paggamit ng wika. Kung ihahambing naman ang datos sa pananaliksik nina Alvarez et al., (2021), makikita na mas mabilis matukoy ng mga guro sa aktuwal na klase ang mga nakakasunod at hindi nakakasunod sa talakayan at matutulungan agad ng guro ang mga kailangan pa ng paggabay tulad ng nabanggit ng lahat ng tagatugon na sadyang natutulungan ng flipped classroom ang mga estudyante. Dagdag pa rito, sinusuportahan din ng datos ang pag-aaral ni Antequera (2021) na mas nagiging produktibo ang mga estudyante kaysa sa tradisyunal na estratehiya kung saan nakabubuo ito ng positibong emosyon sa kabuoan ng proseso ng pagkatuto. Batay sa resulta ng panayam, tatlo sa anim na tagatugon ang nagbanggit na napatataas ng flipped classroom ang *sense of responsibility* ng mga estudyante at anim naman naman ang nagsabi na naihahanda ng nito sa aktuwal na klase.

**Mga Danas at Tulong ng Flipped Classroom sa mga Estudyante Pagdating sa Pag-antas ng Kanilang Pagsasalita**

Mula sa resulta ng panayam, ang mga tagatugon ay may iba't ibang danas batay sa paggamit ng flipped classroom. Sa kabila ng mga danas na ito, nagkakapareho naman ang lahat ng mga estudyante sa nabanggit na sa pamamagitan ng flipped classroom ay mas naiintindihan nila ang mga paksa dahil mas nabibigyan sila ng pagkakataon na aralin ang mga paksa sa paraang nais nila at mas nakakapagsaliksik pa sila maliban sa mga materyales na binibigay ng kanilang mga guro. Higit pa rito, natatanggal din ang pressure na maunawaan agad kaya mas naihahanda sila na makasagot nang pasalita sa aktuwal na klase. Bukod pa rito, lahat din ay nagbanggit ng pinakanagustuhan nilang estratehiya sa kani kanilang mga guro. Batay sa kanila, ang paggawa ng websayt ng kanilang mga guro na naglalaman ng mga karakter na pawang nakikipag-usap sa kanila ang nagiging dahilan para maging interaktibo ang kanilang pagbasa. Sa ganitong estratehiya ay mas nauunawaan nila ang mahahalagang konseptong babaunin nila at magagamit sa talakayan. Limang beses ding nabanggit mula sa anim na mga tagatugon na napatataas nito ang kumpiyansa sa sarili dahilan para magkaroon sila ng lakas na loob na lumahok at magsalita sa klase. Lima rin sa anim na tagatugon ang nagsabi na napatataas ng flipped classroom ang antas ng kanilang pagsasalita sa wikang Filipino dahil mas marami na ang kanilang oras sa pagsasalita sa aktuwal na klase. Samantalang apat naman ang nagsabi na nagkakaroon sila ng *excitement* dahil handa silang gamitin ang mga natutuhan nila sa flipped classroom. Sa kabuoan, ang resulta ng panayam ay sumasang-ayon sa mga naunang pag-aaral na may magandang dulot ang flipped classroom sa pagganap ng mga estudyante. Pinatutunayan din ng mga datos na kung mas maiintindihan nila ang aralin bago pa lamang ang aktuwal na klase ay mas tataas ang kanilang tiwala sa sarili na magdudulot para maging mas handa rin sila sa aktuwal talakayan. At kung magiging handa sila, mas magiging malawak ang oportunidad na magamit nila ang wikang Filipino sa mas mataas na antas ng pagsasalita. Sa kabila ng mga magandang danas ng mga tagatugon, hindi pa rin maiiwasan ang suliranin alinsunod sa pag-aaral nina Lo at Hew na na mas magiging matagumpay ang implementasyon ng flipped classroom kung may sapat na telnolohiya at suporta sa mga guro at

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

estudyante. Nangangahulugan lamang na kinakailangan ng masusing gabay upang epektibong mapagtagumpayan ang implementasyon nito nang sa gayon ay matugunan ng flipped classroom ang paglinang sa kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Mapapansin sa talahayanan ang mga tulong ng flipped classroom sa mga estudyante na bagamat may iba-ibang paraan ng pagkatuto ang mga estudyante ay nagagawa nilang makipagsabayan sa oras ng talakayan sa loob ng klase. Nabanggit ito ng limang beses mula sa anim na mga tagatugon at sinusuportahan nito ang pananaliksik ni Zhang (2023) na malaki ang pakinabang ng flipped classroom sa pagkatuto ng wika ng mga estudyante ngunit malaking hamon para sa isang klase na may iba't ibang paraan ng pagkatuto. Upang matugunan ito, bago pa lamang ang aktuwal na klase ay kailangang nakapagsaliksik na ang mga estudyante sa paksang kanilang tatalakayin. Sa pamamagitan ng flipped classroom ay malaya silang nakapipili ng estratehiya kung paano nila lubos mauunawaan ang aralin. Malaya silang makapagbasa, makapanood, makapakinig ng mga awiting may kinalaman sa aralin, o makapagtanong-tanong sa mga eksperto para pagdating sa aktuwal na klase ay makalahok sila sa kabila ng pagkakaiba-iba. Dagdag pa rito, apat na beses ding nabanggit ng mga tagatugon na mas nagkakaroon sila ng lakas ng loob na sumagot sa talakayan dahil may paunang nalalaman na sila sa paksa. Sang-ayon ito sa pag-aaral nina Chen et al., (2023) kung saan nabanggit na may positibong epekto ang flipped classroom sa akademikong pagganap ng mga estudyante at nakapagdudulot ito ng kasiyahan sa kanila. Hindi rin ito nalalayo sa resulta ng pag-aaral nina Aung et al., (2024) na nakapagpatataas ito ng kritikal na pag-iisip ng mga estudyante. Nangangahulugan lamang na malaki ang gampanin ng flipped classroom upang mapataas ang motibasyon at pakikilahok ng mga estudyante sa talakayan dahilan para magsalita sila nang magsalita sa aktuwal na talakayan at magamit ang wikang Filipino sa mas mataas na antas ng pagsasalita. Maliban din sa mga nabanggit, batay sa apat na mgatagatugon, ang tulong ng flipped classroom ay nakadepende pa rin sa pangangailangan ng mga estudyante.

Bukod sa mga danas at tulong ng flipped classroom sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino, makikita rin sa talahanayan ang ilang suhesyon ng mga estudyante. Una, kaugnay ng suliraning nabanggit ay mas magiging handa sila kung may sapat na oras at panahon ang mga estudyante na aralin ang mga paksa nang sa gayon ay mas maging handa sa oras ng talakayan. Ito ay nabanggit ng tatlong beses mula sa anim na mga estudyante. Ayon sa isang tagatugon, "sa pag-upload po ng flipped classroom, dapat siguro mas mahaba ang time na gumawa at mag-aral po. Huwag po sana na kagabi lang tapos bukas po agad ang *discussion*. Sana po *one week before*". Ayon pa sa isang tagatugon, "sana po mas mahaba ang time lalo na po kapag nagkakaroon kami ng *technical problem*". Nangangahulugan lamang na mas magiging mabuti ang epekto ng flipped classroom kung bibigyan sila ng sapat na panahon na pag-aralan ito at suporta upang mas maging handa sa oras ng talakayan. Pangalawa, maging malikhain sa pagbibigay ng mga gawain at huwag lamang nakatuon sa panonood at pagbababasa. Dagdag pa rito, mas magiging handa ang mga estudyante kung mauunawaan nang maayos ang aralin sa maayos na anyo ng pormat at madaling maintindihan ng mga estudyante. Ito ay nabanggit ng apat na mga tagatugon mula sa anim na mga estudyante. Panghuli, mungkahi ng mga estudyante na mas

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

magkaroon ng mga pangkatang gawain sa flipped classroom at face to face na klase. Ito naman ay nabanggit ng tatlong estudyante. Pinagtitibay rin ng datos na ito ang pag aaral ni Ebril (2020) kung saan ang mga kolaboratibong gawain ay nagtataguyod ng pagkatuto sa pamamagitan ng interaksyon sa pagitan ng mga estudyante. Mula sa mga danas, tulong, at mungkahi ng mga estudyante, mapatutunayan na sumusuporta ang teoryang *sociocultural* teory ni Vygotsky. Batay sa mga danas ng mga estudyante, mas nauunawaan nila ang aralin gamit ang flipped classroom dahil may kalayaan silang pumili ng mga estratehiya maliban pa sa mga materyales na binigay ng guro. Ito ay sumasalamin sa unang bahagi ng teorya ni Vigotsky na “what I can learn”. Habang ang “what I can learn with help naman ay maiuugnay sa danas ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa talakayan at mga kolaboratibong gawain. Sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan sa aktuwal na klase ay nagagamit nila nang nagagmit ang wika dahilan upang masanay sila sa pagsasalita ng wikang Filipino sa pormal na paraan. Samantalang ang “beyond my reach” naman ay tumutukoy sa kakayahan ng mga estudyante na gamitin ang wika sa labas ng klase nang wala nang gabay ng guro ngunit gamit ang mga natutuhan at kasanayan sa loob ng klase.

**Mungkahing Gabay-Manwal ng mga Guro sa Paggamit ng Flipped Classroom Upang Mapataas ang Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino ng Kanilang mga Estudyante**

Ang mga mungkahing estratehiya ng mga guro sa Filipino batay sa resulta ay ang magiging batayan sa paggawa ng manwal. Batay sa karanasan ng mga guro at mga *pattern* ng kanilang sagot, nabanggit ng apat na beses mula sa anim na mga tagatugon na pahapyaw lamang ang dapat maging nilalaman ng flipped classroom at sa mismong talakayan na ito palalalimin. Ayon sa isang guro, “Dapat sundutin lamang ang interes at kuryosidad ng mga estudyante para mabigyan sila ng pagkakataon *to search more* kung tungkol saan pa ang aaralin namin”. Sinuportahan naman ito ng isa pang guro sa pahayag na, “…pahapyaw lang o kaya magpokus sa isang part ng paksa. Ayaw ko kasing mawala ang *element of surprise* para sa mismong klase ay magtanong nang magtanong ang bata. Sa ganitong paraan ay makakapagsalita na rin ang mga bata”. Dagdag pa ng isang guro, “Mahalaga kasi na mayroon pa ring *excitement* sa pagkatuto”. Ibig sabihin, sa flipped classroom ay bibigyan ng guro ng sapat na impormasyon ang mga estudyante habang tinuturuan din na manaliksik. Sa paraang ito, magkakaroon ng *excitement* ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang nalalaman sa mismong talakayan o kaya naman ay magtanong nang magtanong.

Mula sa resulta, karamihan ng mga guro ay mungkahing magkaroon ng pagkakaiba-iba o *variations* ng mga gawain hindi lang sa flipped classroom kundi pati na sa talakayan sa loob ng klase. Makikita sa pattern na tatlong beses itong nabanggit ng mga tagatugon. Nagbigay rin ang mga tagatugon ng mga halimbawang gawain na maaaring gawain. Dahil may pauna nang nalalaman ang mga estudyante, maaaring nang magpasadula, debate, pagsasagawa ng *vlogs, podcast, think pair-share*, at malayang talakayan sa loob ng klase. Ayon sa isang guro, “Dapat bawat week ay iba-iba para hindi maumay ang mga bata”. Dagdag ng isa pang guro, “…mabo-boring at mawawalan ng sense of *responsibility* ang mga bata”. Samantala, ang isang guro naman ay gumagamit ng KKH- Kaligiran, Kahulugan, at Halimbawa. Nangangahulugan lamang na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

bagamat pahapyaw lamang ang dapat lamanin ng flipped classroom ay maging komprehensibo at makabuluhan pa rin ito. Dahil sa mismong talakayan, mahalaga ang pagiging malikhain ng guro sa pag iisip ng mga gawaing pasalita upang masanay nang masanay sa pagsasalita ng wikang Filipino at mapataas ang kanilang kasanayan. Panghuli, kaugnay rin ng nabanggit ng mga estudyante mula sa panayam, mahalaga ang pagkakaroon ng pangkatang gawain sa flipped classroom at mismong talakayan. Kung gagawa ng pangkatang gawain sa flipped classroom, makararamdam ng *sense of responsibility* ang lahat na tumulong at makapagbigay-ambag sa kanilang gawain. Bukod pa rito, hindi lang sila natututo sa mga materyales na binibigay ng guro kundi pati na rin sa kapwa nila estudyante. Sa pamamagitan ng *instructional design theory* ni Robert Gagne (1965), binuo ng mananaliksik ang manwal batay sa resulta ng mga nakalap na datos.

## IV. Conclusion

Ang flipped classroom ay isang mabisang estratehiya sa pagpapataas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Mula sa pag-aaral, natuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ang mga estudyante ay hindi nakikilahok sa malayang talakayan gamit ang wikang Filipino dahil maaaring takot silang magkamali, mas sanay sa ibang wika, at may kakulangan sa kasanayan.

2. Natutugunan ng flipped classroom ang mga salik na nakaaapekto sa pag-antas ng ng pagsasalita sa wikang Filipino ng mga estudyante sapagkat batay sa resulta ng mga nakalap na datos, maaaring mababa na lamang o wala nang ugnayan ang antas ng pagsasalita ng mga estudyante sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagsasalita sa wikang Filipino.

3. Pinatitibay ng flipped classroom ang mga teoryang *pedagogical* gaya ng *active learning, constructivism,* at *intrinsic motivation* dahil nagiging aktibong kalahok ang mga estudyante sa pagkatuto.

4. Ang kahandaan, kompiyansa, at paggamit ng mga suportang materyales ay may malaking papel sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalita.

5. Malaki ang nagagampanan ng flipped classroom upang mapataas ang kasanayan ng mga estudyante sa kabila ng kanilang pagkakaiba sa paraan ng pagkatuto at ekonomikal na katayuan sa buhay.

6. Napatunayan ng pag-aaral na ang interaktibong talakayan, pagiging malikhain ng guro sa flipped classroom, tamang pagbabadyet sa oras ng klase, at kolaboratibong gawain ay nakatutulong upang mapaigting ang partisipasyon ng mga estudyante at mapataas ang kanilang antas ng pagganap sa pagsasalita.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

7. Ang flipped classroom ay hindi lamang alternatibong paraan ng pagtuturo, kundi isang mabisang paraan upang matugunan ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga estudyante at epektibong estratehiya sa pagpapataas ng kasanayan ng kanilang pagsasalita sa wikang Filipino.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay nagdaragdag ng makabagong pananaw sa pagtuturo ng Filipino *speaking skills* sa pamamagitan ng pagpapakita na ang flipped classroom ay hindi lamang alternatibong paraan ng pagtuturo kundi isang mabisang paraan sa pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga estudyante sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na ito na kapag inilipat ang content learning sa *pre-class* preparation ay nagkakaroon ng mas kolaboratibo at interaktibo ang klase na dahilan upang mas lumawak ang speaking opportunities ng mga estudyante, mabawasan ang pangamba at pagkabalisa, at mapalakas ang tiwala sa sarili at *self-efficacy* sa pagsasalita ng wikang Filipino. Bukod pa rito, ipinapakita rin ng pananaliksik na ito na ang flipped classroom ay hindi lamang estratehiya kundi isang differentiated learning tool na tumutugon sa mga estudyante na may iba't ibang antas ng pagsasalita, istilo, at pangangailangan. Ito rin ang magbubukas ng direksyon para magkaroon ng inklusibo, *learning centered*, at *cultural-responsive* ang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Panghuli, ang pag-aaral na ito ay isang empirikal na patunay at pedagohiya na nagpapakita na ang flipped classroom ay may malinaw na potensyal sa pagpapataas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

## REFERENCES

[1] Alqahtani, M. (2023). The impact of self-confidence on English language proficiency. International Journal of English Language Studies, 5(2), 45–52. https://doi.org/10.32996/ijels.2023.5.2.6
[2] Alvarez, S., Barbarroja., Corell, A. & Prieto, A. (2021, March). Revista De Ecucacion. https://www.educacionfpydeportes.gob.es/revista-de-educacion/en/inicio.html
[3] Antequera, J.G., Diaz, M.J., & Pizarro. (2021, August 10). MDPI. https://www.mdpi.com/2227-7102/11/8/416
[4] Arquiza, C.R., Dela Torre, D.M., Garingalao, D.N., Labastilla, F. & Tarroza, B.J. (2024). Slideshare. https://www.slideshare.net/slideshow/pagkabalisa-sa-pagsasalita-gamit-ang-wikang-filipino-ng-mga-magaaral-sa-piling-paaralan-sa-zamboanga-peninsula/267459664
[5] Bradley, K. (2022). The socioeconomic achievement gap in the US public schools. Ballard Brief. Retrieved from https://ballardbrief.byu.edu/issue-briefs/the-socioeconomic-achievement-gap-in-the-us-public-schools
[6] Daughrity, S., Gopalan., & Hackmann, E. (2022). Journals. https://journals.physiology.org/doi/full/10.1152/advan.00016.2022?utm_source=chatgpt.com
[7] Dicang, V.J & Molina, H. (2023, December). Acedmia. https://www.academia.edu/111913803/MGA_HAMONG_KINAKAHARAP_NG_MGA_MAG_AARAL_SA_PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_SA_MAKRONG_KASANAYAN_SA_PAGSASALITA
[8] Dicang, V.J & Molina, H. (2023, December). Acedmia. https://www.academia.edu/111913803/MGA_HAMONG_KINAKAHARAP_NG_MGA_M

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

AG_AARAL_SA_PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_SA_MAKRONG_KASANAYAN_SA_PAGSASALITA

[9] Erbil, D. G. (2020). A review of flipped classroom and cooperative learning method within the context of Vygotsky theory. Frontiers in Psychology, 11, 1157. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.01157

[10] Erezo, J. & Sagala, G. Philippine E-Jornals. https://ejournals.ph/article.php?id=19397

[11] Garcia, K.L. & Caoile, J.J. (2021Phillipne E-Journal. https://ejournals.ph/article.php?id=17656

[12] Ghafar, Z. N. (2023). The Influence of Self-Confidence on English Language Learning: a Systematic Review. International Journal of Applied Educational Research (IJAER), 1(1), 55–68. https://doi.org/10.59890/ijaer.v1i1.452

[13] Herrera, J.P. & Vilchez, A. Science Direct. (2021, April). https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2405844021008057

[14] Kilavuz, F. (2024, July 1). Pedagogical Research. https://www.pedagogicalresearch.com/article/exploring-research-trends-in-the-implementation-of-the-flipped-classroom-model-in-educational-14730?utm_source=chatgpt.com

[15] Li, X. (2022). Merits and Issues of Communicative Language Teaching in the Post-Method Era. Frontiers in Humanities and Social Sciences, 3(1), 101–110. https://doi.org/10.1234/fhss.v3i1.2763

[16] Lo, C. K., & Hew, K. F. (2022). A critical review of flipped classroom challenges in K-12 education: Possible solutions and recommendations for future research. Research and Practice in Technology Enhanced Learning, 17(1), 1-22.

[17] Nafisah, N., & Dayu, A. (2020). The effectiveness of flipped classroom on the academic achievement of university undergraduates. Journal of Educational Research and Practice, 10(1), 123–135.

[18] Zhang, Y. (2023). The Evolution and Effectiveness of Communicative Language Teaching. Scientific Journal of Teaching, 5(2), 45–52. https://doi.org/10.1234/sjt.v5i2.6621

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved